



PATNUBAY SA MISA

28 Enero 2018

Ika-4 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon B

PAMBANSANG LINGGO NG BIBLIYA

Si Hesus, Ang Propeta sa Salita't sa Gawa

*J*pinahayag ni Hesus ang Ebanghelyo ng Diyos nang buong kapangyarihan at may pagpupumilit. Nakaantig ang kanyang pananalita sa mga puso ng kanyang mga tagapakinig at nakapagpabago sa kanilang buhay. Tinapatan ng kanyang gawa ang kanyang pangangaral.

Ang bisa ng mga salita at gawa ni Hesus ay wala pa ring pananamlay makalipas man ang may 2,000 taon na. Ganap pa rin itong mabisa sa panahon natin ngayon ng “information technology” at “space exploration.” Nakapagpapaalab pa rin ang kanyang pananalita. Ang kanyang mga pagganap sa mga sakramento ay nakapagpapalaya sa atin sa pang-aalipin ni Satanas at nakapagpapatibay sa Kaharian ng Diyos sa buhay ng mga tao at sa lipunan. Gayon din ang Kanyang Salita! Maligaya ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at pinapagbubunga nila ang bisa ng Kanyang biyaya sa kanilang buhay!

Ngayon ay Pambansang Linggo ng Bibliya. Ang pagdiriwang na ito ay isang paalaala ng kahalagahan ng nakasulat na Salita ng Diyos di lamang sa buhay ng Simbahan, kundi ng bawat sumasampalataya. Tungkulin nating malaman ito nang mahusay, isabuhay ito, at ibahagi ang kayamanan nito sa lahat. Tulutan nawang ito’y maging pangako natin ngayon at isa sa ating mga kahilingan sa pag-aalay ng Eukaristiyang ito.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Panginoon, 'yong iligtas at tipunin kaming lahat upang aming mailahad ang papuri naming wagas sa ngalan mong sadyang tanyag.

Pagbati

P–Ang biyaya at kapayapaan ng Diyos Ama at ng Panginoon nating si Hesuskristo ay sumainyo!

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Natitipon bilang pamilya ng Diyos, buong pananalig tayong humiling sa Panginoon ng kanyang pagpapatawad, nang maialay natin ang Eukaristiyang ito nang may malinis na kalooban. (Manahimik saglit.)

P–Panginoong Hesus, itinuro mo sa aming ang tunay na mahalaga sa buhay ay ang magmahal na tulad ng ginawa mo. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, tinanggihan ka ng sarili mong bayan. Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, ikaw ang katuparan ng mga propesiya noong matandang panahon. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B–Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan

at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesuskristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesuskristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilangan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P – Ama naming makapangyarihan, ipagkaloob mong kami’y makasamba sa iyo nang may loobing taimtim na totoo at kami rin nawa’y magmahal sa aming kapwa tao nang may damdaming ibinubunsod ng inyong Espiritu sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B – Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Deut 18:15-20
Sa sipi ngayon, ipinagtapat ni Moises na, pagkamatay niya, pipili ang Diyos sa Kanyang bayan ng isang gaganap bilang propeta at tagapamagitan. Ang gayong pangako ay matutupad kay Hesukristo.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ng Deuteronomio

Sinabi ni Moises sa mga tao: “Mula sa inyo, pipili ang Panginoon ng propetang tulad ko, siya ang inyong pakikinggan. Ito’y katugunan sa hiling ninyo sa Panginoon nang kayo’y nagkatipon sa Horeb. Ang sabi ninyo, ‘Huwag mo nang iparinig uli sa amin ang tinig ng Panginoon ni ipakita pa ang kakila-kilabot na apoy na ito pagkat tiyak na mamamatay kami.’

Sinabi naman niya sa akin, ‘Tama ang sabi nila, kaya pipili ako ng propetang tulad mo. Sa kanya ko ipasasabi ang ibig kong sabihin sa kanila.

Sinumang hindi makinig sa kanya ay mananagot sa akin. Ngunit tiyak na mamamatay ang propetang mangangahags magsalita sa pangalan ko nang hindi ko pinahihintulutan o magsalita sa pangalan ng alinmang diyus-diyusan.”

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 94

B – Panginoon’y inyong dinggin, huwag n’yo s’yang salungatin!

R. M. Velez



Pa-ngi-no- o'y in-yong ding-gin, h'wag



n'yo s'yang sa- lu- nga- tin!

* Tayo ay lumapit sa ‘ting Panginoon, siya ay awitan, ating papurihan ang batong kublihan nati’t kalakasan. Tayo ay lumapit, sa kanyang harapan na may pasalamat; siya ay purihin, ng mga awiting may tuwa at galak. **B**.

* Tayo ay lumapit, sa kanya’y sumamba at magbigay-galang, lumuhod sa harap nitong Panginoon sa ati’y lumalang. Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang, mga tupa tayong inaalaan. **B**.

* Ang kanyang salita ay ating pakikinggan: “Iyang inyong puso’y huwag patigas, tulad ng ginawa ng inyong magulang nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa. Ako ay tinukso’t doon ay sinubok ng inyong magulang, bagamat nakita ang aking ginawang sila’ng nakinabang.” **B**.

Ikalawang Pagbasa 1 Cor 7: 32-35

Narito ang isang simpleng paglalahad ng mga paginilay ni San Pablo sa tamang saloobin ng isang Kristiyano tungkol sa dalawang pangunahing estado sa buhay: buhay may-asawa at walang asawa.

L – Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid:

Ibig ko kayong malayo sa mga alalahanin sa buhay. Ang pinagsusumakitan ng lalaking walang asawa ay ang mga gawain ukol sa Panginoon, sapagkat ibig niyang maging kalugod-lugod sa Panginoon. Ngunit ang pinagsusumakitan ng lalaking may asawa ay ang mga bagay ng sanlibutang ito, sapagkat ibig niyang makapagbigay-lugod sa kanyang asawa. Dahil dito’y hati ang kanyang pagmamalasakit. Gayon din naman, ang pinagsisikap ng dalaga o babaing walang asawa ay ang mga bagay na ukol sa Panginoon sapagkat ibig niyang maitalaga nang lubusan ang sarili sa paglilingkod sa Panginoon. Subalit ang iniintindi ng babaing may-asawa ay ang mga bagay ng sanlibutang ito sapagkat ibig niyang makapagbigay-lugod sa kanyang asawa.

Sinasabi ko ito upang tulungan kayo. Hindi ko kayo hinihigpitan; ang ibig ko’y madala kayo sa maayos na pamumuhay, at nang lubusan kayong makapaglilingkod sa Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Aleluya

Mt 2:2

B – Aleluya! Aleluya!

Bayang nasa kadiliman, sa lilim ng kamatayan ngayo’y naliliwanagan!
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mc 1:21-28

Si Hesus ay inilalarawan ng sipi ng Ebanghelyo ngayon sa kanyang pangangaral at paglilingkod sa Capernaum. Kapani-paniwala siyang nangangaral at mabisa niyang ginagampanan ang kanyang misyon sa pagpapalaya sa tao sa kapangyarihan ng demonyo.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, si Hesus at ang mga alagad ay nagpunta sa Capernaum. Nang sumunod na Araw ng Pamamahinga ay pumasok si Hesus sa sinagoga at nagturo. Namangha ang mga tao sapagkat nagturo siya sa kanila na parang isang may kapangyarihan, at hindi tulad ng mga eskriba.

Bigla namang pumasok sa sinagoga ang isang lalaking inaalihan ng masamang espiritu, at sumigaw: “Ano ang pakialam mo sa amin, Hesus na taga-Nazaret? Naparito ka ba upang puksain kami? Kilala kita: ikaw ang Banal na mula sa Diyos!” Ngunit iniutos ni Hesus sa masamang espiritu, “Tumahimik ka! Lumabas ka sa kanya!” Pinapangisay ng masamang espiritu ang tao, at sumisigaw na lumabas.

Nanggilalas ang lahat, kaya’t sila’y nagtanungan, “Ano ito? Bagong aral? Nauutusan niya pati ang masamang espiritu. At sinusunod naman siya!” At mabilis na kumalat sa buong Galilea ang balita tungkol kay Hesus.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoon ng Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa

kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Bawat Kristiyano ay kabahagi sa mapagpalayang misyon ni Hesus. Ngunit araw-araw tayong nakararanas ng hirap na maging isa pang Kristo. Hilingin natin ang tulong ng Diyos at manalanging:

B—Panginoon, dinggin Mo kami!

* Nawa ang buong Simbahan ay manatiling bukas sa mensahe ng mga propeta bilang pagpapakita ng kalooban ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa maging tapat ang mga propeta ngayon sa kanilang misyon at kailanma'y huwag silang manamlay dahil sa di pagkakaunawaan at kakulangan ng kagyat na pagtugon. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa ang mga inaalipin ng demonyo sa buhay ng pagkakasala at katiwalian ay makatagpo sa pamayanang Katoliko ng tulong para sa kaligtasan. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa walang pag-aatubiling tanggihan ng kabataan ngayon ang mga saloobin at pamumuhay na salungat sa turo ng Ebanghelyo. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa ang pag-ibig para sa Bibliya ng iba't ibang Kristiyanong pananampalataya ay makatulong upang malampasan nila ang lahat ng pagkakahati-hati at maibalik ang pagkakaisang idinadalangin ni Hesus. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng pamilyang Kristiyano, higit sa lahat ang sariling atin, ay magbasa ng Bibliya araw-araw at mamuhay ayon sa Salita

ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat tayo'y makaiwas sa panlilinlang ng demonyo at maging kasangkapan tayo ng kaligtasan para sa aing mga kapatid na nangangailangan. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P—Panginoong Diyos, habang dinaranas namin ang hirap ng pagiging mga propeta sa salita at sa gawa, pakumbaba naming hinihiling ang tulong ng Iyong biyaya. Nawa kami'y maging mga tapat na sugo ng Ebanghelyo at matatayang na saksi sa mga katotohanang ipinahahayag namin. Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B—Amen!



P—Manalangin kayo . . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, ang mga alay na ngayo'y aming inihahanda sa hapag na ito na iyong dambana ay iyong tanggapin at gawaran ng pagpapala upang mapagsaluhan namin ang kaligtasan mong ginawa sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

Prepasyo IV

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesuskristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangu-nang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang

aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B—Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B—Ama namin . . .

P—Hinihiling namin . . .

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P—Ito ang Panginoong Hesus, ang ating tagapagligtas. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Ang mukha mong maawai'y pasinagin mo sa amin. Kami ay iyong kupkupon at huwag mong siphayuin ang hiling nami't dalangin.

Panalangin Pagkapakinabang

P—Ama naming mapagmahal, kaming nagsipakinabang sa piging ng aming kinamtang kaligtasan ay humihiling na iyong bigyang kaunlaran sa pananampalatayang wagas kailanman sa tulong ng panubos na ngayo'y iyong bigay sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGWAWAKAS



P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin!

P – Magsiyuko at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

Pagpalain nawa kayo ng Diyos ng lahat ng kasiyahan at pagkalooban kayo ng kapayapaan

sa inyong buong buhay.

B – Amen!

P – Palayain nawa kayo sa lahat ng alalahanin at tibayan ang inyong mga kalooban sa Kanyang pagmamahal.

B – Amen!

P – Pagyamanin nawa sa inyo ang Kanyang mga kaloob na pananampalataya, pag-asa, at pagmamahal, at magkaroon

nawa kayo ng tamang pagpapahalaga sa Kanyang Salita.

B – Amen!

P – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Humayo kayo sa kapayapaan at mabuhay sa piling ng Panginoon.

B – Salamat sa Diyos!

Si Hesus ang Tagalupig ng Masasama

Hindi pa halos nagsisimula si Hesus sa kanyang apostolikong paglilingkod ay gumagawa na siya ng matinding pagtatama sa kanyang mga salita at paraan ng kanyang pagsasalita. May maganda siyang balita para sa mga tao, lalo na sa mga mahihirap, mga maysakit, mga itinakwil. ***Nangusap siyang puspos ng kapangyarihan sa taglay niyang walang hanggang karunungan at katotohanan.*** Hindi siya kabilang sa maraming nagpapakahulugan sa batas, ni isang tagapagpaliwanag na tulad ng maraming mga nagtuturo ng batas na matatagpuan sa buong Palestina. Ipinamalas niya ang kanyang sarili bilang isang “Guro,” at sa katunayan, “Siya ang Guro.”

Nagniningning sa buong katauhan ni Hesus ang kanyang kapangyarihan at karingalan. Sa kanya ang kapangyarihang moral ng Banal na Hinirang. Iginagalang siya maging ng diyablo, at marapat lamang. Sa kaunang pagkakataon sa kasaysayan ng tao, si Satanas ay takot sa tao – sa Taong yaon.


Ang mga bagay ay kakaiba hanggang sa sandaling iyon. ***Ang mga tao ay nabubuhay na may malaking takot sa “masasamang espiritu.”*** Hindi lamang iilan ang kanilang naging mga biktima, “sinaniban” at pinarusahan sa nakatatok na mga paraan. Dahil sa takot, lahat ng bayan ay nagsikap na patahimikin ang mga diyablo sa pamamagitan ng mga sakripisyong alay . . . ang trahedya ng pagsamba sa mga diyos-diyusan na naging malungkot na tanda ng kasaysayan ng sangkatauhan.

Kay Hesus, napawi ang matinding takot at pakikisama ng mga tao kay Satanas. Dumarating siya upang ipahayag na ang kaharian ng Diyos ay naririto na at ang panahon ni Satanas ay tapos na. ***Dumating si Hesus upang makibaka sa diyablo at sa kanyang mga kaanib.***



Ang salaysay ng pagliligtas, sa ating pagbasa ngayon, ng isang taong sinaniban, ay nagpapahayag kung sino ang magwawagi dito sa “di pangkaraniwang digmaan.” Lubos itong alam ni Satanas. Bukod sa pagiging makapangyarihan sa salita, makapangyarihan din si Hesus sa gawa, di tulad ng mga tao ng kanyang kapanahunan. Higit siyang matapang at makapangyarihan kaysa sa simpleng tao; ito ay dahil sa kapangyarihang dulot ng Diyos sa kanyang salita at gawa.

Bilang kanyang mga alagad, tayo man ay kahati niya sa kanyang misyon, bilang propeta at tagapaglitas. Gayundin naman, kahati rin tayo sa kanyang taglay na lakas kung tayo ay di bibitaw sa kanya sa pakikipaglaban kay Satanas. Ngayong alam na natin kung sino ang magwawagi, kailangan pa bang mag-alinlangan tayo kung kanino tayo kakampi sa ating pakikipaglaban?



The perfect gift for the Year of the Clergy and Consecrated Persons

Tell My Priests

Now available at Word & Life Bookstore for only P280! (SRP P300)
For orders, contact Word & Life #894-5401 / 0917-6295485.
Discounts available for 20 copies or more.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, D. Daguio

Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua